
LEVEL 3

Leveled Reader
in Filipino


# Ang Klinikang Laruan ni Cedric



Inilathala ng The Asia Foundation - Let's Read




Nakita ni Cedric ang kaniyang lumang *teddy bear* sa likod ng aparador. Medyo kupas na ang kulay ng balahibo at natatanggal na rin ang mga mata nito. Pero, ito pa rin ang lumang Tintin na mahal na mahal ni Cedric.



Nais ng Nanay ni Cedric na tipunin ang mga luma niyang laruan para magamit ng kaniyang nakababatang kapatid na si Billy. Ngunit, ayaw niyang ipamigay si Tintin.
Marahang pinaupo ni Cedric si Tintin sa kaniyang higaan, hiwalay sa iba pang laruan.



Pumasok si Billy sa kanilang kuwarto at tinanong niya si Cedric kung ano ang ginagawa nito. “Nililinis ko ang mga luma kong laruan para ibigay sa iyo. Pagkatapos nito, magbabasa ako ng aklat na pang-medisina kasama si Nanay,” sagot ni Cedric.



Sa pag-alis ni Cedric, nakita ni Billy ang mga naiwang laruan ng kaniyang kuya. May lumang eroplano at laruang tigre na gustong-gusto niya. Napansin din ni Billy ang lumang teddy bear sa higaan ni Cedric. Nakalimutan siguro ni Cedric na ilagay ito sa kahon.




Pinulot ni Billy ang teddy bear at sinabing, "Nakatutuwa ang hitsura mo. Gusto mo bang lumipad kasama ko?" Nagsimulang tumakbo paikot sa kuwarto si Billy hawak ang teddy bear na pinalilipad niya nang pababa at pataas.
"*Wheee!*"



Sa sala, nakaupo si Cedric at ang kaniyang Nanay habang nagbabasa ng bagong aklat tungkol sa operasyon at panggagamot.

Nais ni Cedric na maging isang dalubhasang doktor tulad ng kaniyang Nanay.



Bigla silang nakarinig ng kalabog at sigaw mula sa kabilang kuwarto. Tumakbo papalapit si Billy sa kanila habang bitbit ang teddy bear ni Cedric. Malapit nang mapunit ang mga braso ng teddy bear.

"Nanay, kailangang magamot ang teddy bear!" sigaw ni Billy.



“Anong ginawa mo kay Tintin?” tanong ni Cedric.

“Huminahon ka Cedric,” paalala ng kanilang Nanay. “Ano ba ang nangyari Billy?”

“Nasaktan po siya. Naipit ang kaniyang braso sa aparador habang kami ay lumilipad,” sagot ni Billy.



Dahan-dahang pinaupo ng kanilang Nanay ang teddy bear at sinimulang tingnan ang sira nito. “Pakinggan natin ang tibok ng puso niya! Mukhang maayos naman.” sabi ng kanilang Nanay. “Inay, braso lang po niya ang nasaktan, bakit po sinusuri ninyo lahat?” tanong ni Cedric.



“Cedric, kailangang tiyakin ng isang doktor na maayos ang lahat ng bahagi ng katawan ng isang pasyente,” paliwanag ng Nanay ni Cedric.

“Sige po, tingnan din natin ang mga mata niya,” sagot ni Cedric.



Natapos ng mag-ina ang pagsusuri kay Tintin. Tumingin si Cedric sa kaniyang ina.
"Mukhang nasaktan po siya nang husto. Sa tingin ko po, kailangan natin siyang operahan." sabi ni Cedric.
"Tama ka Cedric," sagot ng kaniyang ina.




Kumuha ang Nanay ni Cedric ng aklat tungkol sa pananahi. “Hindi ako sanay sa makabagong paraan ng operasyon na kailangan ni Tintin. Kailangan natin ng masusing pag-aaral.” sabi ng kaniyang Nanay.



“Hindi mo po alam kung paano siya gagamutin?” nag-aalalang tanong ni Cedric. “Gagamutin natin siya. Ibibigay natin ang pinakamahusay na pangangalaga.” Nakahinga nang maluwag si Cedric at sinabayan niyang magbasa ang kaniyang Nanay.



Pagkatapos mahanap ang tamang pamamaraan ng pag-oopera, agad na naghanda ang mag-ina. Iniayos nila ang mga gagamitin sa operasyon tulad ng sinulid, karayom, gunting, at ilaw.



“Sa tingin ko ay dapat ding tumulong ang kapatid mo sa pag-opera,” ang sabi ng kanilang Nanay.

“Pero siya ang gumawa nito kay Tintin!” pagtutol ni Cedric.

“Oo, pero nag-aalala rin siya. Mas mabuti na tumulong siya para makita niya kung gaano kahirap ang paggamot kay Tintin,” sabi ng kanilang Nanay.



Hindi sang-ayon si Cedric sa sinabi ng kaniyang Nanay, ngunit nais niya ang pinakamagandang pag-aalaga para kay Tintin.




Sinimulan na ang operasyon. Iniabot ni Billy kay Cedric ang karayom at sinulid. Maingat nilang isinuot ang sinulid sa karayom at ang kanilang Nanay ang nagsagawa ng unang pagtahi. Napanood ng magkapatid ang maingat at mahinahong pagtatahi ng kanilang Nanay.



Matapos gumawa ng ilang pang tahi ang kanilang Nanay, tinanong niya si Cedric.
"Gusto mo bang tapusin ang operasyon?"
"Opo," sagot ni Cedric.





Maingat na kinuha ni Cedric ang karayom mula sa kaniyang Nanay. Ginawa niya ang huling tahi, at hinila ang sinulid nang mahigpit. Pagkatapos ay ibinalik niya ang karayom sa kaniyang Nanay upang tapusin ang buhol.




“At... tapos na tayo!” ang sabi ng kanilang Nanay.
“Ito na, Cedric, maayos na ang braso ni Tintin.”



“Kailangan po ba nating bantayan si Tintin? tanong ni Cedric. Nabasa ko po na importante ang pag-aalaga pagkatapos ng operasyon.”

“Tama ka. Dapat masiguro natin na makapagpahinga siya nang mabuti at matiyak na matibay ang kaniyang mga tahi,” paliwanag ng kanilang Nanay.



"Naku, salamat Nanay. Ikaw po ang pinakamagaling na doktor sa mundo," masayang sagot ni Cedric.

"Iyan ang pinakamagandang pakiramdam ng isang doktor," sabi ng kaniyang Nanay.



Habang inihihiga ni Cedric si Tintin sa kaniyang kama, biglang pumasok si Billy. “Dok Cedric, may oras pa po ba kayo para tumingin ng iba pang pasyente?” tanong ni Billy.

DEPARTMENT OF EDUCATION
USAID FROM THE AMERICAN PEOPLE
RTI INTERNATIONAL
The Asia Foundation